# SINING AT AGHAM NG PAGTATANONG

*Ni:*
**Adam Helson G. Elardo**
*Teacher I, St. Francis National High School*

Isa sa mga bagay na dapat magaling ang isang guro ay mahusay siyang magtanong. Magaling ang isang guro kung ang kanyang mga tanong ay pumupukaw ng interes, mapanghamon, lohikal, nasa teksto at konteksto, mapanghikayat, at kumikiliti sa kritikal na isipan ng mga mag-aaral.

Ang set-up ng isang epektibong kapaligiran at proseso ng pagkatuto sa loob ng klasrum ay hindi mistulang pagsubo ng pagkain sa isang indibidwal at hinahayaan na hindi matuto sa sarili niya. Ganito rin ang layunin kung bakit ang guro ay palaging nagtatanong – tinuturuan niyang sumubo mag-isa ang kumakain. Ibig sabihin, hindi palaging madali ang kanyang binabatong tanong, hindi palaging iisa ang sagot, at hindi palaging mahahanap ang sagot sa aklat. Matalinong hinahanda ng isang guro ang mga tanong na mapanghamon, tumatanggap ng opinyon ng mag-aaral, at kumakawala tungo sa realidad ng buhay.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Simula sa mga dalubhasaan at pamantasan ay sinasanay at itinuturo na sa mga mag-aaral kumukuha ng kursong Edukasyon ang mga konseptong ito na tinatawag na "Art of Questioning."

Tumpak na ang mahusay na pagtatanong ay itinuturing na sining dahil sa katangian nitong magiging malikhain. Ang mga tanong na inihahanda ng isang episyenteng guro ay mistulang mga pinta, hugis at linya ng isang obra maestra. Ito ay makulay. Ito ay hindi nakakahon. Ang maling krokis ay katumbas ng maling tanong at ang maling kulay ay katumbas ng malabong katanungan.

Ayon kay Zolfaghari (2011) na nakasalalay ang pagtuturo at pagkatuto sa sining ng pagtatanong. Ang pagtatanong ay nagiging batayan ng mga gawaing nag-uudyok sa pag-alala, nagpapalalim ng proseso ng pagkatuto at komprehensyon, natutugunan ang kuryosidad, at nakapagpapaunlad ng pagkamalikhain ng mag-aaral.

Ngunit kung ako ang tatanungin, hindi lamang ito isang sining kundi isa ring agham.

Ngunit kung pakasusuriin, ito ay isa ring agham. Tulad ng agham, ang pagtatanong ay lohikal at may angkop na prosesong sinusunod. Sa katunayan, madalas na nagsisimula ang mga tanong sa simple o madadali tungong higit na komplikado. Ginagawa ngang batayan ng mga guro ang Taxonimiya ng Pagtatanong ni Bloom. Ang tanong ay nag-uumpisa sa tanong na sumasagot sa antas ng “pag-alala” tungong antas na “paglikha.” Sa ganitong paraan ay nagiging maayos at lohikal ang pagkakasunod-sunod ng lalim ng pagtatanong nang sa gayon ay hindi nabibigla ang mga mag-aaral at may wastong daloy ang talakayan. Mayroong step-by-step process na nagaganap sa pagtuturo ng aralin.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Agham din itong maituturing dahil para itong eksperimento. Hindi lahat ng mag-aaral ay masasagot sa unang tanong ang inilahad ng guro. Ngunit hindi humihinto ang guro dahil hindi makasagot ang mag-aaral. Tutulungan nya pa rin itong mag-isip. Nag-eeksperimento siya ng tanong na tutugon sa kalakasan at kahinaan ng mag-aaral. Magdalas na nagmo-modify, nagfa-follow-up o kaya’y nagpa-paraphrasing ang guro para makasagot ang mag-aaral.

Sining o agham man na maituturing ang pagtatanong tungkol sa aralin, nakasalalay pa rin sa mahusay at mapanghamong mga tanong ang epektibong pagtuturo. Ang mga pamprosesong mga tanong ay kailangang maging masining at makaagham dahil hindi magiging ganap ang ugnayan ng pagtuturo at pagkatuto kung hindi magiging mabisa ang tanong ng guro.

*Sanggunian:*

Zolfaghari, A. R., Fathi, D., & Hashemi M. (2011). Role of Creative Questioning in the Process of Learning and Teaching. Procedia - Social and Behavioral Sciences, Volume 30, Pages 2079-2082. https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S1877042811022294

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan